
# Project EASE

## (Effective and Affordable Secondary Education)

## EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV



## MODYUL BLG. 17

**BUREAU OF SECONDARY EDUCATION**
**DEPARTMENT OF EDUCATION**
DepED Complex, Meralco Avenue
Pasig City

# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA IV

# Yunit IV

# Modyul Blg. 17

# Kapag Tumibok ang Puso

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Dalawang nilalang ang pasimulang nilikha ng Diyos, ang babae at lalaki. Dalawang kasarian na ipinagkatuwang ng Diyos upang magpatuloy ng buhay at gawin ang kanyang gawain sa lahat ng kanyang mga nilikha. Paano sila dapat magsimula? Paano sila dapat magpatuloy hanggang sa wakas?

Ang lahat ay nagsisimula sa PAG-IBIG, magpapatuloy hanggang sa wakas nang dahil din sa PAG-IBIG. Tumibok na ba ang puso mo?

Ang modyul na ito ay makatutulong sa iyo upang maunawaan ang sekswalidad. Ang sekswalidad ay salitang malawak ang nasasakupan. Ito ay hindi basta tumutukoy lamang sa pakikipagrelasyon sa katapat na kasarian.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaaasahang matutuhan mo na ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

*Naigagalang ang sekswalidad (human sexuality) bilang banal na instrumento ng Diyos sa pakikiisa ng tao sa paglalang (procreation) at maiwasan ang pre-marital sex, live-in, homosexual union, prostitusyon, sexual exploitation, extra marital sex (LC 4.3)*

A. Naipaliliwanag ang moral na batayan ng moralidad sa mga isyu ng sekswalidad

B. Nabibigyang halaga ang virtue ng pagtitimpi (temperance) bilang paraan ng pag-iwas sa pre-marital sex

C. Naitatalaga ang sarili sa maka-Diyos na batayan sa pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga IV kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.
5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Tukuyin kung Tama o Mali ang bawat pahayag.

1. Ang sekswalidad ay mabuti at sagrado.
2. Walang limitasyon ang pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian.
3. Ang sekswalidad ay may kaugnayan sa kaisipan, emosyon at ispiritwal na katangiang taglay ng pagiging babae at lalaki.
4. Ang hangarin ng Diyos sa pag-aasawa ay panghabang-buhay.
5. Ang live-in ay isang eksperimento, patas ang babae at lalaki sa sitwasyong ito.
6. Hindi mahalagang makilala mo nang lubusan ang iyong makakasama sa buhay dahil ang mahalaga ay ang inyong pagmamahalan.
7. Walang kontrol ang tao sa kanyang damdamin.
8. Marapat itakda ang mga moral na batayan sa pakikipag-ugnayan.
9. Ang pagtutol ng magulang sa pakikipagrelasyon ay dapat pag-isipan at bigyan ng konsiderasyon.
10. Hindi dapat maging dahilan ng hidwaan ang pagkakaiba ng babae at lalaki.

## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1


Basahin ang naunang pahayag sa speech balloon. Isulat ang iyong reaksyon at sagot sa ikalawang **speech balloon**.

1. Kung mahal mo ako, ibibigay mo sa akin ang pagkababae mo.


2. Hindi ka mabubuntis kapag may nangyari sa atin. Pangako ko sa iyo.

3. Ikakasal naman tayo. Bakit hindi pa natin gawin ang pagtatalik.

4.




5.




## Sagutin Mo

1. Nahirapan ka bang sagutin ang gawain? Bakit?
2. Alin sa mga sitwasyon na nabanggit ang naranasan mo na? Tama ba ang iyong naging reaksyon at tugon? Patunayan.
3. Ano ang iyong gagawin kung tatakutin ka ng iyong katipan na iiwan kung hindi sasama sa kanya?
4. Gaano ka katatag sa iyong prinsipyo at paniniwala?

## Gawain Blg. 2

Gumawa ng panayam sa inyong pamayanan. Ang unang pangkat na iyong tatanungin ay mga kabataang katulad mo, habang ang ikalawang pangkat ay mga magulang. Gamiting gabay ang mga tanong sa kahon. Isulat ang kanilang sagot sa tamang kolum.

| Mga Tanong | Sagot | |
|---|---|---|
| | Magulang | Kabataan |
| 1. Anong gulang nararapat magkaroon ng katipan? | | |
| 2. Dapat bang magulang ang siyang pumili ng magiging katipan? Bakit? | | |
| 3. Kung makiusap ang magulang na huwag munang makipag-ugnayan sa katapat na kasarian, dapat ba itong sundin? Bakit? | | |
| 4. Ano ang dapat gawin kung mabuntis habang nag-aaral pa lamang ang babae? | | |
| 5. Ano ang tamang panahon para sa pag-aasawa? | | |

### Sagutin Mo

1. Nahirapan ka bang ipasagot ang mga tanong na nasa kahon? Bakit?
2. Kung ikaw ang sasagot ng mga tanong na iyon, pareho rin ba ang iyong tugon? Bakit?
3. Bakit mahalagang pag-isipan ang pagkakaroon ng relasyon sa katapat na kasarian habang nasa panahon ng pag-aaral?
4. Ano ang pagpapahalagang dapat pairalin upang laging nasa tama ang kaisipan ng magkasintahan?

## Gawain Blg. 3

**A. Panuto:** Ang mga pahayag ay tumutukoy sa paggalang sa sekswalidad (respect for human sexuality). Basahin ang mga ito at isulat sa huli ang pagtanggi sa mga tuksong nasa iyong paligid.

SABIHIN MO ITO!

- ❖ Kung mahal mo ako igagalang mo ang aking pasya
- ❖ Maghintay tayo ng tamang panahon
- ❖ Inaasahan tayo ng ating mga magulang
- ❖ Pahalagahan natin ang ating malinis na pagkatao
- ❖ Ang pagtatalik ay banal at sa mag-asawa lamang
- ❖ Ginagabayan ng Diyos ang ating konsensiya

**Manatili sa prinsipyo ng kalinisan ng puri at dangal**
**Kaya sabihin mong HINDI TAMA ANG ______________**

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**B. Panuto:** Narito naman ang mga pagpapahalaga sa pagkakababae at pagkalalaki. Piliin at ipaliwanag mula sa mga ito ang maaari mong maisabuhay.

## "Virginity" – Kalinisan ng Pagkababae at Pagkalalaki

A. Alamin at isabuhay ang iyong mga pagpapahalaga

B. Isabuhay ang virtue ng Pagtitimpi

C. Piliin ang iyong mga kaibigan

D. Makinig sa payo ng mga magulang at nakatatanda

E. Maging mabait subalit matatag ang paninindigan

F. Ang tunay na pag-ibig ay nakauunawa

G. Ituon ang panahon sa pag-aaral at mga gawaing makabuluhan

H. Ipakilala ang iyong mga kaibigan sa iyong mga magulang

I. Manalangin sa panahon ng pagkalito

Isasabuhay ang titik ________________ dahil ________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

________________________________________________________________

### Sagutin Mo

1. Bakit mahalagang pangalagaan ang pagkalalaki/pagkababae?
2. Ano ang implikasyon ng pre-marital sex at pagbubuntis ng maaga?
3. Paano mo maiiwasan ang pre-marital sex?
4. Bakit hindi mabuti ang makipag-live-in o magsama ng hindi kasal?

## Gawain Blg. 4

Panuto: Basahing mabuti ang kuwento, pagkatapos ay isulat sa ibaba ang mensahe nito

Malinis na Puri

Si Jessica ay 21 taong gulang at mayroong magandang trabaho sa isang opisina. Madalas niyang sabihin sa kanyang mga kaibigan na siya ay liberal at nabubuhay upang magpakaligaya. Marami siyang katipan at madalas siyang sumama sa mga ito.

Isang araw, nagising siyang buntis na pala siya. Hindi siya sigurado kung sino ang ama kaya sinabi niya sa sariling kaya niya itong buhayin. Magiliw siya sa kanyang pagbubuntis hanggang mailuwal niya ang bata. Lumaki namang normal at listong batang babae ang kanyang anak.

Subalit, isang araw ay nagulat siya sa tanong ng kanyang anak, "Mommy, sino ang aking daddy?" Hindi siya makasagot dahil hindi niya inaasahan ang ganitong tanong. Sinundan pa ito ng isang hiling mula sa anak, "Mommy, pagnakita mo si daddy, sabihin mo ipasyal niya ako tulad ng ginagawa ng mga daddy ng mga kalaro ko."

Habang nasa opisina ay nag-isip si Jessica. Ito rin nga pala ang itinanong niya sa kanyang ina dahil iniwan sila ng kaniyang ama noong siya ay bata pa. Marahil dahil lumaki siyang walang ama ay hindi nagging normal ang kanyang paglaki. Subalit bigla siyang naawa sa kanyang anak. Nagisisi siya sa kanyang ginawa dahil huli na ang lahat. Ni hindi niya maalala kung sino ang ama ng kanyang nagging anak.

Mensahe ng kuwento:

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

Sagutin Mo

1. Bakit nagsisi si Jessica sa kanyang ginawa?
2. Bakit magiging mahirap para sa kanyang anak ang magkaroon ng isang normal na buhay?
3. Ano ang kahalagahan ng paggalang sa sekswalidad?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Mula sa mga naging gawain, isipin mo ang mga katangiang maaaring maging daan upang higit kang magtiwala sa iyong sarili na maiiwasan mo ang mga tukso sa iyong buhay bilang kabataan. Tapusin mo ang sinimulang pangungusap sa ibaba.

Higit na magiging makabuluhan ang aking buhay bilang kabataan kung itutuon ko ito sa ______________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________

## V. Pagpapatibay

### Paggalang sa Sekswalidad (Respect for Human Sexuality)

Ang paggalang sa sekswalidad (respect for human sexuality) ay pagpapatunay ng mataas na pagtitiwala at respeto sa sarili. Ang nagtitiwala sa kanyang sarili ay hindi basta sumusunod sa dikta ng kapwa lalo ng katipan. Una mong iisipin ang iyong kabutihan kung kaya hindi ka basta basta naniniwalang dapat kang sumama at umayon sa kanyang kagustuhan. May respeto sa sarili ang taong nalalaman niya ang mga gawaing maaaring magpasama sa kanya at sa kanyang pamilya. Alam niya ang mga gawaing maaaring maging daan upang malagay siya at ang kanyang pamilya sa kahihiyan. Iginagalang niya ang sarili kung hindi niya susundin ang anumang malaswang gawaing ginagawa lamang ng mag-asawa at hindi ng magkatipan pa lamang tulad ng pagtatalik.

Kung tutuusin, ang pagtatalik ay sagrado. Una, ito ay ginagawa ng mag-asawa na may basbas ng Diyos na ang ibig sabihin ay ikinasal. Pangalawa, ang pagtatalik o pagsisiping ay banal na instrumento ng Diyos sa paglalang (procreation). Dahil mula sa pagtatalik ng mag-asawa ay inaasahang magkakaroon sila ng supling kung kaya hindi ito maaaring gawin ng mga taong hindi mag-asawa. At higit sa lahat, ang pagtatalik ay pagpapatunay ng pagkakaisa at pagmamahalan ng dalawang taong nagsumpaang mananatiling isa habang panahon.

Kaya ang virginity, pagkalalaki o pagkababae ay hindi dapat ipinagkakaloob ng basta basta lamang. Sapat na panahon ang dapat ilaan sa taong nanaisin mong makapiling habang buhay. Sa panahon ngayon na parang madali na lamang makuha ang lahat ng bagay dahil sa bilis ng teknolohiya, naguguluhan na ang mga kabataan. Subalit isiping hindi lahat ng bagay ay dapat daanin sa bilis. Ang kinabukasan ay dapat na pinag-hahandaan.

Isabuhay ang virtue ng pagtitimpi (temperance) upang mapigil ang sarili mula sa kapusukan. Natural ang pagkakaroon ng paghanga sa

katapat na kasarian subalit mayroon ka pang mahabang panahon upang mamili at magpasya para sa taong nararapat mong makasama habang buhay. Tandaan pa rin ang kasabihang bagamat luma na ay totoo pa rin: *"Ang pag-aasawa ay hindi mainit na kaning kapag isinubo ay maaaring iluwa kapag napaso".* Makalipas lamang ang ilang panahon, ang lalaki o babaeng sinasabi mong iniibig mo ng lubos ay magbabago kapag nakakita ka ng lalaki o babaeng nakahihigit dito kaya upang hindi ka magsisisi, maghintay at mag-isip ka nang mabuti. Maging abala ka muna sa iyong pag-aaral at paghahanda sa iyong kinabukasan.

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Gumupit ng isang artikulo sa pahayagan o magasin na tumatalakay sa paggalang sa sekswalidad. Idikit ito sa iyong kuwaderno. Sa ibaba, isulat ang mga pagpapahalagang nabanggit sa artikulo at isalaysay kung paano mo ito maisasabuhay.

Artikulo mula sa pahayagan o magasin
tungkol sa paggalang sa sekswalidad

**Mga pagpapahalang maaaring maisabuhay at kung paano isasabuhay:**

________________________________________

________________________________________

________________________________________

________________________________________

## VII. Gaano Ka Natuto?

Tukuyin kung Tama o Mali ang bawat pahayag.

1. Ang sekswalidad ay mabuti at sagrado.
2. Walang limitasyon ang pakikipag-ugnayan sa katapat na kasarian.
3. Ang sekswalidad ay may kaugnayan sa kaisipan, emosyon at ispiritwal na katangiang taglay ng pagiging babae at lalaki.
4. Ang hangarin ng Diyos sa pag-aasawa ay panghabang-buhay.
5. Ang live-in ay isang eksperimento, patas ang babae at lalaki sa sitwasyong ito.
6. Hindi mahalagang makilala mo nang lubusan ang iyong makakasama sa buhay dahil ang mahalaga ay ang inyong pagmamahalan.
7. Walang kontrol ang tao sa kanyang damdamin.
8. Marapat itakda ang mga moral na batayan sa pakikipag-ugnayan.
9. Ang pagtutol ng magulang sa pakikipagrelasyon ay dapat pag-isipan at bigyan ng konsiderasyon.
10. Hindi dapat maging dahilan ng hidwaan ang pagkakaiba ng babae at lalaki.

## VIII. Mga Sanggunian


Esteban, E. J. (1990). *Education for Values.* Manila: Sinagtala Publishers

Kagawaran ng Edukasyon, Kultura at Isports-IMC. (1995). *Edukasyon sa Pagpapahalaga IV, Sangguniang Aklat.* Pasig City: May-akda.

## Susi sa Pagwawasto

Handa Ka na Ba?

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Mali
7. Mali
8. Mali
9. Tama
10. Tama

Gaano Ka Natuto?

1. Tama
2. Mali
3. Tama
4. Tama
5. Mali
6. Mali
7. Mali
8. Mali
9. Tama
10. Tama